Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod ng U.S.

Tagalog

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

# PAG-IWAS SA PANLILIGALIG sa Fact Sheet para sa mga Aplikante at Nangungupahan ng Pampublikong Pabahay at Programang Voucher

**Ang Sekswal na Panliligalig sa pabahay ay ilegal,** gayundin ang panliligalig na batay sa lahi, kulay, relihiyon, kapansanan, bansang pinagmulan, o katayuan ng pamilya. May karapatan kang manirahan sa pabahay na ligtas, may seguridad, at malaya sa panliligalig. Ang mga tagapagbigay ng pabahay—kasama ang mga pampublikong ahensya ng pabahay (PHA) at mga landlord na tumatanggap ng mga voucher na batay sa nangungupahan o batay sa proyekto—ay responsable sa pagprotekta sa mga residente mula sa anumang uri ng diskriminasyong panliligalig. Ipinapaliwanag ng fact sheet na ito kung ano ang panliligalig at ang mga hakbang na maaari mong gawin upang maisumbong ito. Ang pagsumbong ng panliligalig ay nakakatulong sa pagpapanatili sa pabahay na ligtas para sa iyo at sa iba pa.

## Pag-unawa sa Panliligalig sa Pabahay:

### Pinoprotektahan ng Batas sa Patas na Pabahay at Panuntunan sa Patas na Access ang mga Aplikante at Nangungupahan sa Pampublikong Pabahay at Programang Voucher.

Ipinagbabawal **ng Batas sa Patas na Pabahay** ang panliligalig, paghihiganti, at iba pang uri ng diskriminasyon sa pabahay dahil sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, kapansanan, bansang pinagmulan, o katayuan sa pamilya (mga kabahayan na may mga batang wala pang 18 taong gulang, kabilang ang mga taong naghahangad ng kustodiya o mga babaeng buntis).

Sa ilalim ng **Panuntunan sa Pantay na Access** ng HUD, ang mga landlord na tumatanggap ng mga voucher ay hindi maaaring ipagkait ang pabahay batay sa aktwal o pinaghihinalaang oryentasyong sekswal, pagkakakilanlang kasarian o kalagayan sa pag-aasawa ng isang aplikante o residente.



## Ilegal ang Sekswal na Panliligalig Kapag:

### Ang isang landlord, empleyado, o ahente ay humihingi ng pakikipagtalik o iba pang hindi kanais-nais na gawaing sekswal kapalit ng pabahay o mga serbisyong nauugnay sa pabahay.

*Mga halimbawa:*

- **Paghiling ng landlord** ng hubad na larawan bilang kapalit ng pag-apruba ng aplikasyon sa pag-upa.
- **Paghiling ng tagamintinang tao** ng mga sekswal na pabor bilang kapalit ng paggawa ng mga kinakailangang pagkukumpuni.
- **Pagpapatalsik ng tagapamahala ng ari-arian** sa isang tao dahil tumanggi ang taong iyon na makipagtalik.

— AT/O —

### Nakibahagi ang isang landlord, empleyado, ahente, o ibang nangungupahan sa hindi kanais-nais na gawaing sekswal na matindi o talamak at nakagagambala sa karapatan ng isang tao na ma-access, mapanatili, o magamit at matamasa ang mga serbisyong pabahay o nauugnay sa pabahay.

*Mga halimbawa:*

- **Patuloy ang isang landlord sa paggawa** ng hindi kanais-nais at malaswang mga komento tungkol sa katawan ng isang residente.
- **Hinipo ng tagapamahala ng ari-arian** ang mga pribadong bahagi ng katawan ng isang aplikante nang wala siyang pahintulot.
- **Paulit-ulit na nagpapadala ang tagamintinang tao** ng hindi kanais-nais na tahasang sekswal na mga mensaheng text at larawan sa isang nangungupahan.

## Ang Iba Pang mga Uri ng Ilegal na Panliligalig ay Kinabibilangan ng:

- Matindi o talamak na nakakasakit na pananalita o marahas na pag-uugali dahil sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, kapansanan, katayuan ng pamilya, o pinagmulan ng isang tao.

*Ang mga halimbawa ng panliligalig ng mga landlord, kanilang tauhan o iba pang mga nangungupahan, ay kinabibilangan ng:*

- **Paulit-ulit na pagsigaw** ng mga salitang pang-uuyam laban sa Muslim sa isang nangungupahan na Muslim.
- **Pagtutuya** at pagbabanta sa isang taong may kapansanan sa pag-iisip.
- **Pagsailalim** sa isang tao sa talamak na mga pagbansag sa lahi o pagsira sa bahay ng isang tao gamit ang mga mapanlait o nakakabantang salita o imahe.

## Ang Iyong Karapatang Mabuhay na Malaya mula sa Sekswal na Pangliligalig:

- Dapat tiyakin ng iyong landlord na malaya ang iyong pabahay mula sa diskriminasyon. Lahat ng mga landlord at tagapamahala ng ari-arian, pati na ang kanilang mga ahente at empleyado, ay responsable sa pagpigil at pagtugon sa panliligalig sa inyong pabahay.
- May karapatan kang magreklamo at ipahinto ang panliligalig.
- Maaari kang magreklamo sa iyong landlord o sa inyong PHA. Mayroon ka ring karapatang magreklamo nang direkta sa HUD, nang hindi ka muna nagrereklamo sa inyong landlord o PHA.
- Kung maghahain ka ng reklamo sa HUD, hahanap ang HUD ng mga remedyo para sa iyo (at posibleng iba pa), kung naaangkop. Ang mga remedyo ay maaaring kabilangan ng mga pera na bayad para pinsalang dulot ng panliligalig, paglipat sa bagong pabahay, at isang utos na nag-aatas sa landlord na itigil ang panliligalig at gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang mga pangyayari sa hinaharap.



## Upang Maprotektahan ang Iyong Karapatan sa Pabahay na Malaya sa Panliligalig, ang PHA at mga Pribadong Landlord ay Dapat na:

- **Tiyakin** na ang kanilang mga ahente at empleyado ay hindi ka liligaligin.
- **Seryosohin** ang lahat ng mga reklamo sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa mga paratang at abisuhan ka tungkol sa mga natuklasan at anumang mga aksyon na ginawa upang mahinto ang panliligalig.
- **Protektahan** mula sa pagganti ang sinumang nagsumbong ng panliligalig o nagrereklamo.
- **Sabihin** sa mga residente at kalahok ng programang voucher kung paano maghain ng reklamo kaugnay sa ***Batas sa Patas na Pabahay*** o ***Panuntunan sa Pantay na Acces*** sa HUD.

**Magsumite sa *HUD ng reklamo sa* Batas sa Patas na Pabahay *o* Panuntunan sa Pantay na Access:**

**Patas na Pabahay:**

- **Online:** https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/online-complaint;
- **Sa pamamagitan ng telepono**: (800) 669-9777; Serbisyo ng Federal Relay/TTY: (800) 877-8339

**Panuntunan sa Pantay na Access:**

- **Makipag-ugnayan** sa PHA na nagbigay ng voucher ng tulong sa pabahay.
- **Maaari ka ring makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng HUD, na matatagpuan sa:** https://www.hud.gov/program_offices/field_policy_mgt/localoffices.
- **Para sa karagdagang impormasyon:** https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/housing_discrimination_and_persons_identifying_lgbtq